Kung sakaling nakaaalam ang mga tao sa nasa panawagan [ng ṣalāh] at unang hilera [ng ṣalāh], pagkatapos hindi sila nakatagpo kundi na magpalabunutan sila rito, talaga sanang nagpalabunutan sila

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kung sakaling nakaaalam ang mga tao sa nasa panawagan [ng ṣalāh] at unang hilera [ng ṣalāh], pagkatapos hindi sila nakatagpo kundi na magpalabunutan sila rito, talaga sanang nagpalabunutan sila." Kung sakaling nakaaalam sila sa nasa pagpapaaga, talaga sanang nag-unahan sila roon. Kung sakaling nakaaalam sila sa nasa gabi at madaling-araw, talaga sanang pumunta sila sa dalawang ito kahit pa man pagapang."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga tao, kung sakaling nakaaalam sila sa nasa adhān at unang hilera [sa ṣalāh] na kainaman, kabutihan, at pagpapala, pagkatapos hindi sila nakatagpo ng mga paraan ng pag-una at pagkauna para rito kundi na magpalabunutan sila sa dalawang ito kung alin sa kanila ang magiging karapat-dapat higit sa kasamahan niya, talaga sanang nagpalabunutan sila. Kung sakaling nakaaalam sila sa nasa pagpapaaga sa ṣalāh sa unang oras nito, talaga sanang nag-unahan sila roon. Kung sakaling nakaaalam sila sa kantidad ng gantimpala sa pagpunta sa ṣalāh sa gabi at ṣalāh sa madaling-araw, talaga sanang nagsamadali ang pagpunta sa dalawang ito kahit pa man pagapang sa mga tuhod kung paanong naglalakad ang paslit sa unang pagkakataon.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65735